# Ang Pagdalaw sa Bantulinao at Iba pang Tula

*Pat Baloloy*

*Ang Pagdalaw sa Bantulinao*
*Tagulaylay sa Dulo ng Yaganak*
*Gisingin Mo Ako*
*Nais Kitang Yayain*
*Maaari na Muling Magsimula*

## Ang Pagdalaw sa Bantulinao

Ano ang unang itatanong:
Kasama ba ang Bantulinao
Sa hagupit ng pandemya?
Siguro nama'y maliligaw ang salot
Sa pasikot-sikot at lubak-lubak
Na kalsada,
Kung tatangkaing sugsugin
Ang looban.
O di kaya ay masugatan
Ang braso at katawan
Habang hinahawan ang mga siit
At matalas na talahiban –
Bumabalot sa tahimik na lungga.

Sa unang tingin,
Masasabing maikukubli ng huni
Ng ibon ang malalim na agam-agam.
Walang maririnig na kaba
Sa tuwing may magagawing
Ibang mukha,
Estranghero ang hinga,
Naliligaw sa damuhan –
Ngunit ramdam ang pangamba
Sa bitaw ng pamamaalam.

Mas nakakangawit ang malimit
Na pakikipaglaban sa upuan ng dyip.
May mga ingay ang nais likdaan
Habang kinukutaw ang isipan
Mula sa huling byahe.
May kalansing ng boteng
Nag-uumpugan, maririnig ang hiyaw –
Kailan makikita ang ligaya
Habang inuungkat ang huling pakikipagniig
Sa alikabok at putik.

Habang nais pinawin ang natitirang lumbay,
Nahagip ng sanggol ang sana'y papalaot na isipan.
Humahangos sa pagpang-os
Sa suso ng ina,
Hinahanap ang natitirang bukal
Sa kumukupis na suhol –
Sapat upang iduyan ang nagdedeleryong talukap,
Tapusin ang huling hikbi
At ibagsak ang namuong luha,
Nabuo sa pagkaiyamot
Sa huling dalaw sa Bantulinao.

## Tagulaylay sa Dulo ng Yaganak

May mga gabing bantulot
Ng pighati ang nakalatag
Sa sulib ng namumuong pakikipagsapalaran.
Tagulaylay sa mata ng dalusaping panabong,
Hamog sa unang patak ng kampana,
Nangangalay sa pagtipa ng oras.

Hindi naman maramot ang langit sa pagpapala
Para sa mga inang patuloy na nilalanggas
Ang sugat sa huling panganganak.
Hindi rin maramot sa luha,
Pinaapaw nito ang tigib na ilog
Sa mga natitigang na lupa.

Habang tinitingala ko ang huling andap
Nang sumusuray na alitaptap,
Nais kong itahi ang hiling
Sa nagtatalsikan nitong liwanag
Kasama ang tinirintas na panalangin,
Nilalamon ng dilim.

Sa muling pagsulyap,
Dumadagundong ang agam-agam
Mararating ba ng liwanag
Ang dulo ng Yaganak?
Maririnig ba ang hinaing
Ng mga naghain ng palaspas?

Sana nga, hindi maging maramot
Ang huling gabi ng pagtunganga.
Hindi mapundi ang dalang gasera
Ng mga alitaptap,
Walang mapapaos na mga kulisap,
Magdamag na aawit
Ang mga palakang naghihintay sa pilapil.

Pagkatapos ng mahabang penitensya,
Marami ang gutom sa pag-asa.
Marami ang uhaw sa paglaya.
Mula ng binansot ang hustisya.

Sa katahimikan ng gabi,
Habang sumasaliw ang sipol ng kulilis,
Maririnig ang walang humpay na daing
At panalangin,
Ng mga lagalag na kaluluwa.

Magpapatuloy ang koro
Sa nahahapis na baryo.

## Gisingin mo ako, isang umaga

kung tatanungin,
mailalagay ba natin sa limot
ang mga trahedyang mahirap lunukin
kung ang lupa ay sadyang
lumuluha sa dami ng hinaing,
nabaon sa bawat paghakbang,
nais suungin ang kapalaran?

mas madali sanang lumimot
kung ang bawat kirot at hapdi,
hindi umaabot sa langit.
kung ang bawat dasal,
hindi sumbong na pumapailanlang,
daplis ang pangambang
nagdadala ng hamog sa bumbunan,
sa mga dampang panalangin
ang tanging tapis
sa mga gabing laganap ang hinagpis.

alam ko, ang hindi lumimot
mas malalim ang kirot
lalo't tagos sa laman ang suklam,
naulila sa amoy ng kandila.
walang katiyakan kung lulusob
ang naghihintay na panaginip,
sasakmalin ang natitirang ulirat.

kung ang pagdilat ay pagpuksa
sa nalalabing pandemya,
paglusaw sa mga nakangising timawa.
gisingin mo ako, isang umaga,
tapusin natin ang natitirang bangungot –
lumikha tayo ng bagong anyo,
isang mukha
ng lumalabang
pag-asa.

## Nais Kitang Yayain

Nais kitang yayain sa tumana,
Pagkatapos ng pandemya.
Magbababad tayo sa malamig na batis,
Maglalaro sa mga nakausling bato.
Pakikinggan natin ang lagaslas ng tubig,
Ang agos na nakikipaglaro sa kapwa agos,
Bago humampas sa mga bato.
May daing ang kanilang pagsalpok,
Maririnig mo ang tilapon
Ng kanilang poot bago pa sumayad
Sa rumaragasang ilog.
Magpapalitan sila ng sigaw sa hangin,
Saka papayarin ang kanilang luha,
Dadapo sa damuhan ang nagsahugis
Nilang hamog.
Dito rin nagpapalipas
Ng sama ng loob ang mga palaka.
Dito nila ibinubunton ang naiwang
Suklam, mula ng mabulabog
Sa kanayunan.
Pagkatapos ng salot,
Lumikha tayo ng bagong ilog,
Lumilok tayo sa mga bato ng pangako,
Ng mga bagong agos.
Hindi na yaong may pangamba
Sa tuwing magtatampisaw sa batis.
Malaya tayong makiusap sa mga isda,
Magkukusa sila upang tayo ay may maihain.
Hindi na kailangang ikubli
Ang ating mga himutok at galit.
Yayakapin tayo ng agos,
Papawiin ang luha at hinagpis.
Hindi na kailangang sumigaw
Sa ating mga panulat,
At ibaon ng malalim ang tinta

upang hindi mabura,
Kung babasahin lamang ng walang pang-unawa,
Wag na natin tapusin ang nobela.
Marami ang nag-aasam,
Matatapos din ang sigalot
At nagkakalat ng mga katotohanang
Binabaluktot.
Matapos lang ang salot,
Ihanda natin ang mga naipong poot –
Magkaparehong hampas
Ng alon sa dagat,
At rumaragasang tubig sa ilog.
Hindi magkahiwalay
Ang kanilang bagsik,
Ngunit parehong malalim
Sa panahong sila ay tahimik.

## Maaari na Muling Magsimula

magdadalawang-isip
ang sinumang hahakbang
sa nakalundong tawiran –
ang giray na tulay.
sasayad ba ang sakong
sa nangingitim na burak,
ang patuloy na nagbabanta,
hahagilap sa kalyong
namimitak ang awa,
at natuyong pag-asa?

matagal-tagal ding namihasa
ang sakong sa pangungulit
ng mga pilapil,
ang pagkislot ng pinutol
na dayami at panakaw
na pakikipag-niig sa siwang
ng mga daliri.

wala na nga ba ang banta
ng mga ganid na langgam?
kung umatake, diretsahan –
walang pakundangan,
ni signos at anunsyo.
walang matabil na pangako,
wag malilingat –
mamula-mula at pantal
ang iiwang nakabakat.

nakakadala ang muling pagtawid,
patuloy pa rin ang iniwang bulong
ng mga kaba.
parang sanggol ang paghakbang –
sumusuray at nangingilig ang tuhod,
hangang tuluyang madama

ang lamig na yumayakap
sa talampakan,
hanggang matutong tapakan
ang pangamba,
mangunguyapit habang humahakbang,
hanggang lisanin
ang agam-agam.

wala na ang nagbabanta,
maaari na muling magsimula,
maaari nang makita
ang mga mukha.